Pangkalahatang impormasyon F5

Paano akong makakahiling ng konsiderasyon ng pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa (DACA)?

U.S. Citizenship and Immigration Services

Noong June 15, 2012, inanunsiyo ng Kalihim ng Homeland Security na ang mga partikular na taong dumating sa Estados Unidos na bata pa at nakakatugon sa mga ilang pangunahing patnubay ay maaaring humiling ng konsiderasyon ng pagpapaliban ng pagkilos nang para sa 2 taon, na maaaring ipa-renew. Ang mga mabibigyan ng pagpapaliban ng pagkilos ay maaari ring maging karapat-dapat para sa work authorization.

Ang mga inidibidwal lamang na makakapagpatunay sa pamamagitan ng mabeberipikang dokumentasyon na sila ay nakakatugon sa mga patnubay na ito ang siyang maisasaalang-alang sa konsiderasyon para sa pagpapaliban ng pagkilos. Ang mga pagpapasiya ay isasagawa depende sa kaso sa ilalim ng mga patnubay ng memorandum ng Kalihim.

Paano kong malalaman kung maaari akong maisasaalang-alang para sa pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa?

Maaari mong hilingin maisasaalang-alang ka kung ikaw ay:

1. Mas bata pa sa 31 taong gulang noong Hunyo 15, 2012;
2. Nakarating sa Estados Unidos bago ka umabot sa iyong ika-16 na kaarawan;
3. Patuloy na naninirahan sa Estados Unidos mula Hunyo 15, 2007, hanggang sa kasalukuyan;
4. Pisikal na nasa Estados Unidos noong Hunyo 15, 2012, at sa panahon ding iyon ay naghain ka ng iyong kahilingan sa USCIS;
5. Wala kang legal na katayuan noong Hunyo 15, 2012, na nangangahulugan na:
   – Hindi ka kailanman nagkaroon ng estadong imigrasyong ayon sa batas noon o bago sumapit ang Hunyo 15, 2012 o
   – Anumang estado ayon sa batas o parole na natanggap mo bago sumapit ang Hunyo 15, 2012 ay nagpaso o nawalan na ng bisa noong Hunyo 15, 2012;
6. Kasalukuyang nag-aaral, nakatapos na ng pag-aaral o nakakuha ng isang sertipiko ng pagtatapos mula sa mataas na paaralan, nakakuha ng isang sertipikong General Education Development (GED), o ay isang beteranong marangal na itiniwalag ng Coast Guard o Sandatahang Lakas ng U.S. at
7. Hindi nahatulan ng isang mabigat na krimen, seryosong paglabag sa batas, o tatlo o mahigit pang ibang paglabag sa batas, at hindi sa ibang paraan nagiging isang banta sa pambansang seguridad o pampublikong kaligtasan.

Paano akong makakahiling ng konsiderasyon ng pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata nang dumating sa bansa?

Dapat kang magsumite ng **Form I-821D**, Consideration of Deferred Action for Childhood Arrivals. Ang form na ito ay dapat kumpletuhin, maayos na malagdaan, at may kasamang isang **Form I-765**, Application for Employment Authorization, at isang **Form I-765WS**, Form I-765 Worksheet. Ang hindi pagsusumite ng kinumpletong Form I-765, na may sapat na bayad, ang siyang magtatanggal ng iyong pagiging karapat-dapat sa pagsasaalang-alang para sa pagpapaliban ng pagkilos. Kahit na walang bayad para sa paghahain ng Form I-821D, dapat kang magsumite ng $380 na bayad para sa paghahain at $85 na bayad para sa mga serbisyong biometric para sa Form I-765, ang siyang kabuuang bayad na $465. Mangyaring basahin ang mga tagubilin sa form para makasiguradong maisumite mo ang lahat ng mga kailangang dokumentasyon para suportahan ang iyong kahilingan. Basahin ang **www.uscis.gov/I-821D** at **www.uscis.gov/I-765** para sa kumpletong mga tagubilin sa paghahain. Tingnan ang **www.uscis.gov/childhoodarrivals** para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa.

Mangyaring Tandaan: Oras na makatanggap ka ng resibong nagkukumpirmang ang iyong kahilingan ay maayos na naihain, ikaw ay padadalhan ng isang abiso para sa appointment na bumisita sa isang Application Support Center para sa mga serbisyong biometric (litrato at mga fingerprint o bakas-daliri). Mangyaring siguraduhing basahin at sundin mo ang mga direksiyon sa abiso. Ang hindi pagpapakita sa iyong appointment para sa biometrics ay maaaring aantala sa pagpoproseso o magresulta ng pagkakatanggi sa iyong kahilingan.

Saan ko ihahain ang aking kahilingan para sa konsiderasyon ng pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata nang dumating sa bansa?

Ang mga kahilingan para sa pagsasaalang-alang para sa pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa ay ihahain sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo sa USCIS Lockbox. Mangyaring bumisita sa **www.uscis.gov/I-821D** o kontakin ang USCIS National Customer Service Center sa **(800) 375-5283** para sa mga pinakabagong impormasyon at mga tagubilin kung saan ipapadala ang iyong kahilingan.

Anong katibayan ang aking dapat isumite kasama ang aking unang kahilingan para sa konsiderasyon ng pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa?

Para sa mga unang kahilingan, ang katibayan ay dapat na magpakita na natutugunan mo ang mga patnubay na nakabalangkas sa itaas sa "Paano kong malalaman kung maaari akong maisasaalang-alang para

sa pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa?" Kasama dito ang katibayan na ikaw ay:

1. Ipinanganak pagkalipas ng Hunyo 15, 1981;
2. Dumating sa Estados Unidos bago magka-edad ng 16;
3. Patuloy na naninirahan sa Estados Unidos mula Hunyo 15, 2007, hanggang sa kasalukuyan;
4. Nasa Estados Unidos na noong Hunyo 15, 2012;
5. Walang legal na estado noong Hunyo 15, 2012;
6. Kasalukuyang nag-aaral, nakatapos na ng pag-aaral o nakatanggap ng sertipiko ng pagtatapos mula sa mataas na paaralan, nakakuha ng isang sertipikong General Educational Development (GED), o ay isang beteranong marangal na itiniwalag ng Coast Guard o Sandatahang Lakas ng U.S.; at
7. May edad na hindi bababa sa 15 taong gulang sa panahon ng paghahain kung hinding-hindi ka pa nakasama sa mga paglilitis ng pagkakatanggal o kung ang iyong kaso ay tinapos bago mo isinumite ang iyong kahilingan para sa konsiderasyon ng pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa.

Para sa mga impormasyon tungkol sa mga partikular na dokumento, na makakatugon sa mga patnubay na ito, mangyaring basahin ang mga tagubilin para sa Form I-821D sa **www.uscis.gov/I-821D** at ang mga madalas itinatanong na mga katanungan sa **www.uscis.gov/childhoodarrivals**.

Kasama ba ako sa prosesong ito kung ako ay kasalukuyang nasa mga paglilitis ng pagkakatanggal, mayroong panghuling kautusan ng pagkakatanggal, o kautusan ng boluntaryong pag-alis?

Oo. Ang prosesong ito ay bukas sa sinumang indibidwal na makakapagpakitang natutugunan nila ang mga patnubay, kasama rito ang mga hindi kailanmang nakasama sa mga paglilitis ng pagkakatanggal gayundin ang mga nasa mga paglilitis ng pagkakatanggal, mayroong panghuling kautusan o mayroong kautusan ng boluntaryong pag-alis (basta't wala sila sa detensyong pang-imigrasyon). Kung ikaw ay wala sa detensyong pang-imigrasyon at nais mong pasang-ayong humiling ng konsiderasyon ng pagpapaliban ng pagkilos, dapat mong isumite ang iyong kahilingan sa USCIS. Hindi ka kailangang 15 taong gulang o higit pa sa panahon ng paghahain kung ikaw ay nasa mga paglilitis ng pagkakatanggal, mayroong panghuling kautusan ng pagkakatanggal, o mayroong kautusan ng boluntaryong pag-alis. Ang lahat ng kaso ay isasaalang-alang depende sa mga indibidwal na kaso.

Magsumite ng kopya ng kautusan ng pagkakatanggal o anumang dokumentong ibinigay ng hukom ng imigrasyon o ang panghuling desisyon mula sa Board of Immigration Appeals, kung makukuha. Umiiral lamang ang kailangang ito sa mga taong sumailalim na sa mga paglilitis ng pagkakatanggal.

Ang mga panandaliang pag-alis ba ay nakakaapekto sa aking kakayahang makatugon sa patnubay ng patuloy na pininirahan sa Estados Unidos mula Hunyo 15, 2007?

Ang isang maikli, pangkaraniwan, at inosenteng paglabas sa Estados Unidos ay hindi makakasagabal sa iyong patuloy na pininirahan. Ang anumang paglabas ay ituturing na maikli, pangkaraniwan, at inosente kung ito ay naganap bago ang pagsapit ng Agosto 15, 2012, at ito ay:

1. Maikli at makatuwirang sinusukat upang maisagawa ang layunin ng paglabas sa bansa;
2. Hindi dahil sa isang kautusan ng pagpapalayas, deportasyon, o pagkakatanggal;
3. Hindi dahil sa isang kautusan ng boluntaryong paglabas ng bansa, o isang administratibong kaloob ng boluntaryong paglabas ng bansa bago ka inilagay sa mga paglilitis ng pagpapalayas, deportasyon, o pagkakatanggal; at
4. Ang layunin ng pagkawala at/o ng iyong mga kilos habang nasa labas ng Estados Unidos ay hindi nakakalabag sa batas.

Anumang hindi otorisadong paglalakbay sa labas ng Estados Unidos noong at pagkalipas ng Agosto 15, 2012 ay puputol sa iyong panahon ng patuloy na pininirahan at hindi ka isasaalang-alang para sa pagpapaliban ng pagkilos sa ilalim ng prosesong ito.

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga partikular na dokumentong maaaring magpatunay na ang iyong pagkawala ay maikli, pangkaraniwan, at walang paglabag, mangyaring basahin ang mga tagubilin sa **www.uscis.gov/I-821D** at ang mga madalas itinatanong na katanungan sa **www.uscis.gov/childhoodarrivals**.

Magsasagawa ba ang USCIS ng background check sa pagrerepaso ng aking kahilingan para sa konsiderasyon ng pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa?

Oo. Dapat kang sumailalim sa mga background check bago gumamit ang USCIS ng pangprosekusyon na pagpapasiya. Hindi ka isasaalang-alang para sa pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa maliban kung mayroong mga pambihirang kalagayan, kung ikaw ay nahatulan ng:

- anumang mabigat na krimen;
- isang seryosong paglabag sa batas;
- tatlo o higit pang ibang paglabag sa batas (hindi nangyari sa parehong petsa at hindi sanhi ng iisang gawain, pagkukulang, o pakana ng masamang asal); o
- sa ibang paraan ay nagiging isa kang banta sa pambansang seguridad o pampublikong kaligtasan.

Ano ang mangyayari pagkatapos kong maisumite ang aking kahilingan para sa konsiderasyon ng pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata nang dumating sa bansa?

Matapos mong matanggap ang iyong Form I-821D, Form I-765, at Form I-765WS, rerepasuhin ng USCIS ang mga ito para sa pagiging kumpleto, pati na ang sapat ng kabayaran, unang katibayan at mga lagda. Kung ang kahilingan ay kumpleto, padadalhan ka ng USCIS ng abiso ng pagkatanggap nito. Pagkatapos ay padadalhan ka ng USCIS ng abiso na ini-iskedyul kang bumisita sa isang Application Support Center para sa pag-fingerprinting at pagpapalitrato. Maaari mong piliing makatanggap ng email at/o mensahe sa text na ipinapaalam sa iyong ang iyong form ay natanggap sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang **Form G-1145**, E-Notification of Application/Petition Acceptance. Mangyaring basahin ang **www.uscis.gov/G-1145** para sa mga tagubilin.

Ang bawat kahilingan para sa konsiderasyon ng pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa ay isa-isa at depende sa kaso na marerepaso. Sasabihan ka ng pagpapasiya ng USCIS sa pamamagitan ng sulat. Maaaring humiling ang USCIS ng mga karagdagang impormasyon o katibayan, o humiling na magpakita ka sa opisina ng USCIS. Walang apila o mosyon para muling buksan/muling isaalang-alang ang pagkakatanggi sa isang kahilingan para sa muling isaalang-alang para sa pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa.

Maaari ko bang i-renew ang panahon ng pagkilos ng pagkakatanggal ay ipagpapaliban sa kaso ko?

Oo. Maaari kang humiling ng konsiderasyon na i-renew ang pagpapaliban ng pagkilos sa iyo sa mga bata pang dumating sa bansa. Ang iyong kahilingan para sa renewal ay isasaalang-alang depende sa kaso. Kung ire-renew ng USCIS ang pagpapasiya nito sa ilalim ng pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa para sa kaso mo, makakatanggap ka ng pagpapaliban ng pagkilos nang dalawa pang taon, at kung makitaan ka ng pangangailangang pang-ekonomiya para magtrabaho, maaari kang makatanggap ng otorisasyong magtrabaho sa buong panahong iyon.

Paano kong malalaman kung maaari akong humiling ng isang renewal ng aking pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa?

Maaari kang humiling ng konsiderasyon para sa renewal ng pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa kung natugunan mo ang mga

patnubay para sa unang pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa (tingnan sa itaas) at ikaw ay:

1. Hindi lumabas sa Estados Unidos noong o pagkatapos ng August 15, 2012, nang walang advance parole;
2. Patuloy na nirahan sa Estados Unidos mula noong isinumite mo ang iyong pinakabagong kahilingan para sa pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa na inaprubahan hanggang sa kasalukuyang panahon; at
3. Hindi nahatulan ng isang mabigat na krimen, seryosong paglabag sa batas, o tatlo o mahigit pang paglabag sa batas, at hindi sa ibang paraan nagiging isang banta sa pambansang seguridad o pampublikong kaligtasan.

Ang mga kahilingan para sa renewal ay dapat isumite sa USCIS mga 120 araw (ngunit hindi hihigit sa 150 araw) bago mawalan ng bisa ang kasalukuyang panahon ng pagpapaliban ng pagkilos. Para makahiling ng renewal ng iyong pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa, magsumite ng Form I-821D, Form I-765, at Form I-765WS pati na ang $380 na bayad sa paghahain para sa Form I-765 at isang $85 na bayad para sa mga serbisyong biometric na sa kabuuan ay $465.

Hindi mo kailangang magbigay ng anumang karagdagang dokumento sa panahong humiling ka ng renewal ng DACA maliban na lamang kung mayroon kang **bagong** mga dokumentong may kaugnayan sa mga paglilitis ng pagkakatanggal o kasaysayan ng krimen na hindi mo isinumite sa USCIS sa isang naunang inaprubahang kahilingan para sa pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa.

Kung hindi ginamit ng USCIS ang pagpapaliban ng pagkilos sa kaso ko, ako ba ay sasailalim sa mga paglilitis ng pagkakatanggal?

Kung ang iyong kahilingan para sa konsiderasyon ng pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa ay tinanggihan, paiiralin ng USCIS ang patakarang patnubay nitong umiiral sa pagsasangguni ng mga kaso sa U.S. Immigration and Customs Enforcement (ICE) at ang pagbibigay ng mga Abisong Magpakita (o Notices to Appear - NTA). Kung ang iyong kaso ay walang kaugnay na krimen, panlilinlang, o banta sa pambansang seguridad o pampublilkong kaligtasan, ang kaso mo ay hindi isasangguni sa ICE para sa mga paglilitis ng pagkakatanggal maliban kung may mga pambihirang sitwasyon. Para sa mga mas detalyadong impormasyon, bumisita sa **www.uscis.gov/nta**.

Ang prosesong ito ba ay magreresulta sa legal na estado para sa mga taong nakakatanggap ng pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa?

Wala. Ang pagpapaliban ng pagkilos sa ilalim ng prosesong ito ay isa lamang pagtatakdang maingat na pinagpasyahan upang maipagpaliban ang pagkilos ng pagkakatanggal. Ito ay isang hakbang ng ppangprosekusyon na pagpapasiya at hindi ito nakapagbibigay sa iyo ng legal na estado.

Anong mga proteksyon ang itinatatag upang maprotektahan ang mga impormasyong ibabahagi ko sa aking kahilingan na magamit para sa pagpapatupad nbg mga layuning pang-imigrasyong?

Ang mga impormasyong ibibigay mo sa iyong kahilingan ay protektado laban sa pagkabunyag sa U.S. Immigration and Customs Enforcement (ICE) at ang U.S. Customs and Border Protection (CBP) para sa pagpapatupad ng mga layuning paglilitis na pang-imigrasyon maliban na lamang kung nakakatugon ka sa batayan ng para mabigyan ng isang Notice to Appear o ng isang rekomendasyon sa ICE sa ilalim ng batayang ipinapaliwanag sa patnubay ng Notice to Appear ng USCIS sa **www.uscis.gov/nta**. Ang mga indibidwal na ang mga kaso ay ipinagpaliban para sa proseso ng konsiderasyon ng pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa, ay hindi irerekomenda sa ICE. Ang mga impormasyon ay maaaring ibahagi sa mga ahensiyang pang-pambansang seguridad at pagpapatupad ng batas, pati na ang ICE at CBP, para sa mga layuning maliban sa pagkakatanggal. Maaaring kasama sa mga ibang layuning ito ang: para matulungan sa konsiderasyon ng pagpapaliban ng pagkilos sa mga bata pang dumating sa bansa, para makilala o pigilin ang mga mapalinlang pahayag, para sa mga layuning pambansang seguridad, o para sa imbestigasyon o pag-uusig ng isang krimen. Ang sugnay na ito na tumutukoy sa pagbabahagi ng mga impormasyon ay sumasaklaw sa mga miyembro ng pamilya at mga tagapag-alaga, na karagdagan sa taong humihiling ng pagpapaliban ng pagkilos.

Ang patakarang ito ay maaaring baguhin, palitan, o pawalang-bisa sa anumang oras nang walang abiso. Hindi nito layunin ang, hindi nito ginagawa ang, at hindi ito maaaring asahan upang lumikha ng anumang karapatan o benepisyo, sustantibo o pangproseso, maaaring ipatupad sa batas ng sinumang partido sa anumang pangpangasiwaan, sibil o kriminal na usapin.

Mahalagang Impormasyon

Mga Mahahalagang form ng USCIS na tinutukoy sa gabay na ito	Form #
Konsiderasyon ng Pagpapaliban ng Pagkilos sa mga Bata pang Dumating sa Bansa	I-821D
Aplikasyon para sa Otorisasyong Makapagtrabaho	I-765
I-765 Worksheet	I-765WS
E-Notification of Application/Petition Acceptance	G-1145

Mga Mahahalagang Web site ng USCIS na tinutukoy sa gabay na ito	Web site link
Impormasyon tungkol sa proseso ng Deferred Action for Childhood Arrivals at mga madalas na katanungan	www.uscis.gov/childhoodarrivals
Form ng Konsiderasyon ng Pagpapaliban ng Pagkilos sa mga Bata pang dumating sa Bansa	www.uscis.gov/I-821D
Aplikasyon para sa Otorisasyong Makapagtrabaho	www.uscis.gov/I-765
E-Notification of Application/ Petition Acceptance na Form	www.uscis.gov/G-1145
Patakaran ng Notice to Appear ng USCIS	www.uscis.gov/NTA

Mga Iba pang U.S. Government Services – I-klik o Tumawag	
Pangkalahatang Impormasyon	www.usa.gov
Impormasyon para sa mga Bagong Imigrante	www.welcometoUSA.gov
U.S. Immigration and Customs Enforcement	www.ice.gov

Para sa mga karagdagang kopya ng gabay na ito, o impormasyon tungkol sa mga ibang gabay para sa kustomer, mangyaring bumisita sa **www.uscis.gov/howdoi**.

Maaari ka ring bumisita sa **www.uscis.gov** upang maka-download ng mga form, maka-e-file ng mga ilang aplikasyon, matingnan ang estado ng isang aplikasyon at mga iba pa. Napakagandang lugar para magsimula!

Kung hindi ka makapag-Internet sa bahay o trabaho, subukan mo ang inyong lokal na pampublikong aklatan.

Kung hindi mo mahanap ang iyong kailangan, pakitawagan ang
Customer Service sa: (800) 375-5283
TDD para sa may kapansanan sa pandinig: (800) 767-1833

Pahayag ng Pagtanggi sa Pananagutan: Ang gabay na ito ay nagbibigay ng mga pangunahing impormasyon upang matulungan kang maging pamilyar sa pangkalahatang bagay tungkol sa aming mga patakaran at pamamaraan. Para sa mga karagdagang impormasyon, o ang batas at mga alituntunin, mangyaring bumisita sa aming Web site. Ang batas na pang-imigrasyon ay maaaring maging masalimuot, at imposibleng mailarawan ang bawat aspeto ng bawat proseso. Maaaring nais mong katawanin ka ng isang lisensiyadong abogado o isang ahensyang hindi pangkalakal na kinikilala ng Board of Immigration Appeals.